# Ang Pagnanakaw Ng Pagka-kakilanlan At Ang Numero Ng Iyong Social Security

## Ano ang nasa loob


| | |
|---|---|
| Kompidensyal ang inyong numero | 1 |
| Paano maaaring nakawin ng iba ang inyong numero? | 2 |
| Pag-ingatan ang inyong card at numero sa Social Security | 2 |
| Paano kung sa palagay ninyo ay may gumagamit ng inyong numero? | 2 |
| Paano kung may magnanakaw ng pagkakakilanlan na nagpapsimula ng mga problema sa credit para sa inyo? | 2 |
| Dapat ba kayong kumuha ng bagong numero ng Social Security? | 3 |
| Pakikipag-ugnayan sa Social Security | 4 |


Ang identity theft (pagnanakaw ng pagkakakilanlan) ay ang isa sa pinakamabilis na kumakalat na krimen sa Amerika. Magagamit ito ng isang manlolokong may hawak ng inyong numero sa Social Security para makakuha ng iba pang personal na impormasyon tungkol sa inyo. Magagamit ng mga magnanakaw ng pagkakakilanlan ang inyong numero at magandang kasaysayan sa credit para makapag-apply ng mas maraming credit sa ngalan ninyo. Tapos, gagamitin nila ang mga credit card at hindi babayaran ang mga bill, at makakasira ang mga ito sa inyong credit. Maaaring hindi ninyo malaman na may ibang gumagamit ng inyong numero hangga't tinanggihan kayo sa isang credit, o nagsisimula na kayong makatanggap ng mga tawag mula sa mga di kilalang creditor na naniningil para sa mga item na hindi naman ninyo binili.

Ang ibang taong iligal na ginagamit ang inyong numero sa Social Security at inaako ang inyong pagkakakilanlan ay maaaring maging sanhi ng maraming mga problema.

## Kompidensyal ang inyong numero

Pinoprotektahan ng Social Security Administration ang inyong numero sa Social Security at pinananatiling kompidensyal ang inyong mga rekord. Hindi namin ibinibigay ang inyong numero sa kahit na sino, maliban na lang kung bigyang awtorisasyon sa ilalim ng batas. Kailangan ninyong mag-ingat sa

pamamahagi ng inyong numero, kahit na hingin ito sa inyo. Kailangan ninyong tanungin kung bakit kinakailangan ang inyong numero, kung paano ito gagamitin, at ano ang mangyayari kung tumanggi kayo. Ang mga sagot sa tanong na ito ay makakatulong sa inyong magpasya kung gusto ninyong ibigay ang inyong numero sa Social Security.

## Paano maaaring nakawin ng iba ang inyong numero?

Nakukuha ng mga magnanakaw ng pagkakakilanlan ang inyong personal na impormasyon sa pamamagitan ng:

- Pagnanakaw ng mga wallet, mga bag, at inyong mga sulat mula sa koreo (mga bank at credit card statement, mga paunang naaprubahang mga paghahandog ng credit, mga bagong tseke, at impormasyon sa buwis);
- Ang pagnanakaw ng personal na impormasyon na inyong ibinibigay sa isang di ligtas na site online, mula sa mga pang-negosyo o personal na rekord sa trabaho, at personal na impormasyon sa inyong tahanan;
- Ang paghahalughog sa inyong basura, sa basura ng inyong mga negosyo, at mga pampublikong basurahan para sa personal na data;
- Pagkukunwari sa telepono o email bilang ibang tao na tunay na nangangailangan ng impormasyon mula sa inyo, tulad ng mga employer o may-ari ng inuupahan; o
- Pagbili ng personal na impormasyon mula sa mga "panloob" na pinanggalingan. Halimbawa, ang magnanakaw ng pagkakakilanlan ay maaaring magbayad sa isang empleyado ng tindahan para sa impormasyon tungkol sa inyo na ipinapakita sa mga application para sa mga goods, mga serbisyo, o credit.

## Pag-ingatan ang inyong card at numero sa Social Security

Kapag nagsimula na kayo sa trabaho, tiyakin na hawak ng inyong employer ang inyong wastong numero sa Social Security para wasto ang inyong mga rekord. Ibigay ang inyong numero sa Social Security sa inyong (mga) pinansiyal na institusyon para sa layunin ng pag-uulat ng buwis. Itabi ang inyong card at iba pang mga dokumento na nagpapakita ng inyong numero sa Social Security sa isang ligtas na lugar. HUWAG parating dalhin ang inyong card o iba pang mga dokumento na nagpapakita ng inyong numero.

## Paano kung sa palagay ninyo ay may gumagamit ng inyong numero?

Minsan ay may higit pa sa isang tao ang gumagamit ng parehong numero ng Social Security, nang sadya o hindi sinasadya. Kung may pinaghihinalaang kayong ibang taong gumagamiit ng inyong numero para sa layunin ng trabaho, dapat kayong makipag-ugnayan sa amin upang mai-ulat ang problema. Aming rerepasuhin ang inyong mga kinita kasama ninyo para matiyak na ang aming mga rekord ay wasto.

Maaari rin ninyong repasuhin ang inyong mga kinita na nakasaad sa inyong rekord sa inyong *Social Security Statement (Pahayag ng Social Security)*. Ang *Pahayag* ay available online sa mga manggagawa na may edad na 18 taong gulang at mas matanda pa. Para makuha ang inyong *Pahayag*, magpunta sa ***www.socialsecurity.gov/myaccount*** at lumikha ng isang account.

## Paano kung may magnanakaw ng pagkakakilanlan na nagpapsimula ng mga problema sa credit para sa inyo?

Kung may ibang taong hindi ginamit nang wasto ang inyong numero sa Social Security o iba pang personal na impormasyon at nakalikha ng mga problema sa credit at iba pang uri ng problema para sa inyo, hindi malulutas ng Social

*(kabila)*

Security ang mga ganitong uri ng problema. Ngunit may ilang mga bagay na nararapat ninyong gawin.

Magpunta sa ***IdentityTheft.gov*** upang i-ulat ang pagnanakaw ng pagkakakilanlan at makakuha ng plano sa pagbabawi. Ang ***IdentityTheft.gov*** ay gumagabay sa inyo sa bawat hakbang ng proseso ng pagbabawi. Ito ay isang mapagkukuhanan ng tulong at impormasyon ng Federal Trade Commission, ang ahensya para sa proteksyon ng mamimili. Maaari rin kayong tumawag sa **1-877-IDTHEFT** (**1-877-438-4338**); TTY **1-866-653-4261**.

Maaari rin kayong makipag-ugnayan sa Internal Revenue Service (IRS). Maaari rin gamitin ng magnanakaw ng pagkakakilanlan ang inyong numero sa Social Security para makapagsumite ng tax return para matanggap ang inyong refund o pagsasauli ng pera. Kung kayo ay karapat-dapat para sa isang refund o pagsasauli ng ibinayad, maaari kayong maunahan ng magnanakaw sa pagsasampa ng tax return at sila ang makakuha ng inyong refund o naisuling pera. Tapos, kapag oras na ninyong magsumite, iisipin ng IRS na natanggap na ninyo ang refund o naisauling pera. Kung ninakaw ang inyong numero sa Social Security, maaaring gamitin ito ng ibang tao upang makapagtrabaho. Ang employer ng nasabing taong iyon ay mag-uulat ng kinita sa IRS gamit ang inyong numero sa Social Security. Ang magiging dating nito ay hindi ninyo inulat ang lahat ng inyong kinita sa inyong tax return. Kung may palagay kayo na mayroong kayong mga isyu sa buwis dahil may nagnakaw ng inyong pagkakakilanlan, magpunta sa ***www.irs.gov/uac/Identity-Protection*** o tumawag sa **1-800-908-4490**.

At, dapat rin kayong maghain ng isang reklamo sa Internet Crime Complaint Center (IC3) sa ***www.ic3.gov***.

Ang IC3 ay nagbibigay sa mga biktima ng cybercrime ng isang mabilis at madaling gamiting paraan ng pag-uulat na nagbibigay alerto sa mga awtoridad tungkol sa pinaghinalaang labag sa batas o sibil na paglalabag. Ang IC3 ay nagpapadala sa bawat nagrereklamo ng isa o higit pang mga alagad ng batas o ahensya ng namamahala sa hurisdiksyon.

Ang misyon ng IC3 ay makatanggap, makabuo, at irekumanda ang mga reklamo ng paglalabag sa batas hinggil sa mabilis na lumalawak na cybercrime. Ang IC3 ay nagsisilbi sa mas malawak na komunidad para sa pagpapatupad ng batas na lumalaban sa krimen sa Internet. Kabilang dito ang pederal, pang-estado, lokal at internasyonal na mga ahensya.

Ipinapakita sa IC3 ang partnership sa pagitan ng Federal Bureau of Investigation, ang National White Collar Crime Center, at ang Bureau of Justice Assistance.

Dapat rin ninyong bantayan ang inyong ulat sa credit pana-panahon. Maaari kayong makakuha ng mga libreng ulat ng credit online sa ***www.annualcreditreport.com***.

## Dapat ba kayong kumuha ng bagong numero ng Social Security?

Kung nagawa na ninyo lahat upang maayos ang mga problema na nagresulta mula sa hindi wastong paggamit ng inyong numero sa Social Security, at mayroon pa ring gumagamit ng inyong numero, maaari kaming magtalaga ng bagong numero ninyo.

Hindi kayo makakuha ng isang bagong numero ng Social Security:

- Kung ang inyong card sa Social Security ay nawala o ninakaw, ngunit walang katibayan na may ibang gumagamit ng inyong numero;
- Para maiwasan ang mga konsekuwensya sa pagsasampa ng bankruptcy; o
- Kung nilalayon niyong iwasan ang batas o ang inyong legal na pananagutan.

Kung magpasya kayong mag-apply para sa isang bagong numero, kailangan ninyong patunayan ang inyong pagkakakilanlan, edad, at pagiging mamamayan sa Estados Unidos o katayuan sa imigrasyon. Para sa karagdagang impormasyon, humiling ng

*(kabila)*

*Your Social Security Number and Card (Ang Inyong Numero at Card sa Social Security)* (Publication Number 05-10002). Kailangan rin ninyong magkaloob ng katibayan na nakakaranas kayo sa kasalukuyan ng mga problema dahil sa hindi wastong paggamit.

Tandaan na ang bagong numero ay marahil na hindi lulutas sa lahat ng inyong mga problema. Ito ay dapat ang iba pang mga ahensya sa gobyerno (tulad ng IRD at mga ahensya ng estado para sa motor vehicle) at mga pribadong kompanya (tulad ng mga bangko at mga kompanya na nag-uulat ng credit) ay may mga rekord gamit ang inyong lumang numero. Kasama ng iba pang mga personal na impormasyon, ang mga kompanya na nag-uulat ng credit ay ginagamit ang numero para kilalanin ang inyong rekord ng credit. Kaya›t ang paggamig ng bagong numero ay hindi makakatiyak na makakapagsimula kayo ng maayos. Ito ay ganap na totoo kung ang inyong iba pang personal na impormasyon, tulad ng inyong pangalan at address, ay nananatiling pareho pa rin.

Kung makatanggap kayo ng bagong numero sa Social Security, hindi na ninyo dapat gamitin ang lumang numero.

Para sa ilang mga biktima ng pagnanakaw ng pagkakakilanlan, ang bagong numero ay pinagmumulan ng mga bagong problema. Kung ang lumang impormasyon sa credit ay hindi na-ugnay sa inyong bagong numero, ang kawalan ng anumang kasaysayan sa credit sa ilalim ng inyong bagong numero ay maaaring lalong mas mahirap para makakuha kayo ng credit.

## Pakikipag-ugnayan sa Social Security

May iba't ibang paraan para makipag-ugnayan sa Social Security, kabilang na ang online, sa pamamagitan ng telepono, at nang personal. Naririto kami para sagutin ang inyong mga katanungan at upang mapaglingkuran kayo. Higit na sa 80 taon, ang Social Security ay nakatulong na mapanatag ang kabuhayan ngayon at para sa kinabukasan sa pamamagitan ng pagkakaloob ng mga benepisyo at pinansiyal na proteksyon para sa milyon-milyong mga katao para sa kanilang pamumuhay.

### Bumisita sa aming website

Ang pinakamadaling paraan na makipag-ugnayan sa Social Security mula saanmang lugar kahit kailan, ay bumisita sa ***www.socialsecurity.gov***. Doon, maaari kayong:

- Lumikha ng isang my Social Security account para mabalikan ang inyong *Social Security Statement*, patotohanan ang inyong mga kinita, mag-print ng isang benefit verification lettert (liham ng pagpapatotoo ng benepisyo), baguhin ang inyong impormasyon para sa direktang pagde-deposito, humiling ng isang pamalit na Medicare card, kumuha ng kapalit na SSA-1099/1042S, at marami pang iba;
- Mag-apply para sa Extra Help (Karagdagang Tulong) gamit ang mga gastusin sa plano ng Medicare para sa inireresetang gamot;
- Mag-apply para sa retirement, kapansanan at mga benepisyo sa Medicare;
- Maghanap ng mga kopya ng aming mga inilathala;
- Makuha ang mga sagot sa mga madalas a katanungan; at
- Marami pang iba!

Ang ilang sa mga serbisyong ito ay makukuha lang sa wikang Ingles. Bumisita sa aming Multilanguage Gateway para sa impormasyon sa wikang Tagalog. Kami ay nagkakaloob ng libreng serbisyo ng interpreter para tulungan kayo sa pagsasagawa ng inyong dapat gawin sa Social Security. Ang mga serbisyo ng interpreter ay handang magamit kung kayo ay makikipag-usap sa amin sa telepono o sa tanggapan ng Social Security.

### Tumawag sa amin

Kung wala kayong access sa internet, kami ay naghahandog ng maraming mga automated na serbisyo sa pamamagitan ng telepono, 24 oras, 7 araw sa isang linggo. Tumawag sa amin sa walang bayad na toll sa **1-800-772-1213** o

*(kabila)*

sa aming TTY na numero, **1-800-325-0778**, kung kayo ay hindi nakakarinig o nahihirapan makarinig.

Kung kailangan ninyong makipag-usap sa isang tao, masasagot namin ang inyong mga tawag mula 7 a.m. hanggang 7 p.m., Lunes hanggang Biyernes. Humihingi kami ng kaunting pasensya sa mga panahon na napakaraming ginagawa dahil maaari kayong makaranas ng higit sa karaniwang dalas na pagka-busy ng telepono at mas matatagal na panahon ng paghihintay sa tawag para makausap kami. Inaasahan namin na makapaglingkod sa inyo.



**Social Security Administration**
Publication No. 05-10064-TL | June 2017
Ang Pagnanakaw Ng Pagka-kakilanlan At Ang Numero Ng Iyong Social Security
Identity Theft and Your Social Security Number (Tagalog)
Produced and published at U.S. taxpayer expense
Ang nagbabayad ng buwis sa U.S. ang nagbayad para sa paglikha at paglathala nito